# PAGHUBOG SA ESPIRITUWAL NA BUHAY

MGA SAGOT SA PAGSUSULIT

shepherds GLOBAL CLASSROOM

# Leksiyon 1- Pagsusulit
# Paghubog Patungo sa Wangis ni Kristo

(1) Ano ang kahulugan ng paghubog sa espirituwal na buhay, tulad ng itinuro sa Leksiyon 1?

**Ang Paghubog sa espirituwal na buhay ay ang mabiyayang proseso ng pagiging katulad ni Kristo Hesus alang-alang sa iba.**

(2) Magbigay ng ilang batayan mula sa Banal na Kasulatan para sa kahulugan nito.

**2 Corinto 3:18; Galacia 4:19; Colosas 1:28; Efeso 4:13-14**

(3) Tapusin ang pahayag na ito: Ang Biyaya ay hindi kabaligtaran ng **pagsisikap**, ngunit ito ay kabaligtaran ng **pagkakamit**. Ipaliwanag.

**Walang tayong magagawa upang baguhin ang ating sarili upang maging katulad tayo ni Hesus. Gayunpaman marami tayong dapat gawin upang magkaroon tayo ng biyayang nakakapagpabago na nagmumula sa Dios.**

(4) Ang bunga ng paghubog sa espirituwal na buhay ay dapat isang buhay na pinamamahalaan ng ano?

**Banal na Pag-ibig**

(5) Ano ang kahulugan ng "masdan ang kaluwalhatian ng Panginoon"?

**Ito ay upang lubos na pagsikapang gayahin ang buhay at tanggapin ang nakapagliligtas na gawa ni Kristo Hesus, na ipinahayag sa salita ng Dios; upang isantabi ang lahat ng nakakaabala sa atin para mahalin siya.**

(6) Bakit isang proseso ang paghubog sa espirituwal na buhay?

**Dahil…**

- **Ang pagbabago ng ating isipan ay isang proseso.**
- **Ang pag-aaral sa paggawa ng mas mahusay na desisyon ay isang proseso.**
- **Kailangan ng maraming oras upang matuto mula sa mga karanasan sa buhay.**

(7) Ano ang apat na sagabal na dapat iwasan sa paghubog sa espirituwal na buhay?

- **Legalismo**
- **Mababaw na biyaya**
- **Sensationalismo**
- **Perfectionismo**

# Leksiyon 2- Pagsusulit
# Ang Paglalakbay sa Paghubog ng Espirituwal na Buhay: Kung Paano Nabubuo sa atin ang imahen ni Kristo

(1) Iguhit at ipaliwanag ang talahanayan ng Paghubog sa Espirituwal na Buhay na ipinakita sa Leksiyon 2, kumpletuhin ito na may sanggunian sa Banal na Kasulatan.

***Ihambing ang diagram ng mag-aaral sa diagram sa leksiyong ito*.**

(2) Maging handa na magbigay ng isang presentasyon ng talahanayang ito sa buong klase.

***Markahan kung gaano kahusay na maipapaliwanag ng mag-aaral ang konsepto ng diagram*.**

# Pagsubok sa Katiyakan

(1) Aling parirala ang pinakamahusay na nagsabi nito? (Salungguhitan ang isang parirala at maglagay ng mga katibayan mula sa Biblia)

**Naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, iningatan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya**

**Maaaring kabilang sa ebidensya sa Biblia ang:Efeso 2:8, 1 Pedro 1:5.**

(2) Dapat tayong iligtas sapagkat tayo ay **mga makasalanan**(Roma 3:10, 23; Isaias 53:6).

(3) Ano ang tatlong bunga ng ginawang pagrerebelde ng makasalanan?

- **Inihihiwalay tayo mula Dios (Isaias 59:1-2)**
- **Inilalagay tayo sa ilalim ng poot ng Dios (Efeso 5:5-6)**
- **Nagreresulta sa kamatayan (Roma 6:23; Efeso 2:1)**

(4) Paano pinapawi ng pananampalataya sa kamatayan at pagkabuhay muli ni Hesus ang mga kahihinatnan ng kasalanan?

- **Hindi nagkasala si Hesus ngunit itinuring siyang makasalanan para sa atin (2 Corinto 5:21; 1 Pedro 2:24).**
- **Bilang ating kapalit, si Hesus ay nahiwalay mula sa Dios dahil sa ating kasalanan (Mateo 27:46).**
- **Tinanggap ni Hesus ang poot ng Dios para sa atin (Isaias 53:6-7).**
- **Sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang muling pagkabuhay, ginawa tayong buhay sa espirituwal at binigyan ng buhay na walang hanggan ni Hesus (Efeso 2:6; 1 Pedro 1:3).**

(5) Ano ang ilan sa mga pinakamalinaw na palatandaan na nakatanggap tayo ng bagong buhay sa pamamagitan ng pananampalataya sa muling pagkabuhay ni Kristo Hesus?

- **Mayroon tayong patotoo ng Banal ng Espiritu na tayo ay mga anak ng Dios (Roma 8:16).**
- **Mayroon tayong pagnanais na malaman at sundin ang Salita ng Dios (Juan 8:31; 1 Pedro 2:2-3; 1 Juan 2:3-4).**
- **Mayroon tayong pagmamahal para kay Hesus at para sa iba (Juan 8:42; 13:35; 1 Juan 3:14).**
- **Kahit na kailangan pa tayong putulan, tayo ay mayroon nang mga espirituwal na bunga (Juan 15:8; Galacia 5:22-23), at kahit na ang ilan ay maaaring nakikipagbaka pa rin sa mga nakasanayang kasalanan (1 Juan 2:1; Hebreo 12:1), napagtatagumpayan natin ang kusa at nakagawiang kasalanan (1 Juan 2:29). Ganito ang pagkakasabi ni John Wesley: "Ang kasalanan ay nananatili, ngunit hindi ito naghahari."**

(6) Bakit kailangang ihandog ni Hesus ang kanyang dugo? (Hebreo 9:22; 1 Pedro 1:18-19)

**Dahil sa kapasiyahan ng Dios na ang kasalanan ay hindi mapapatawad nang walang paghahandog ng dugo ng isang walang kasalanan.**

(7) Ano ang kahalagahan ng pagiging isang tao ni Hesus? (1 Timoteo 2:5)

**Bilang tao at bilang Dios, si Hesus ang naging Tagapamagitan sa Dios at sa Tao. Kinatawan niya ang banal na Dios at ang makasalanang tao. Siya ay naging pangalawang Adan na hindi nahulog sa kasalanan, at samakatuwid ay kwalipikado bilang perpektong handog para ipalit sa atin.**

(8) Ano ang gampanin ng ating mga gawa sa ating kaligtasan? (Santiago 2:17; Tito 3:8; Efeso 2:10)

**Ang mabubuting gawa ay bunga ng bagong kapanganakan.**

(9) Ano ang dapat mong gawin upang maligtas ka? (Ang ABC ng kaligtasan)

- **Admit(Aminin) na ikaw ay ay isang makasalanan at magsisi (Roma 6:23; Gawa 3:19)**
- **Believe(Manampalataya) sa ebanghelyo (Gawa 16:31; Efeso 2:8)**
- **Confess(Ipahayag) na si Jesus ang Panginoon (Roma 10:9)**

(10) Hindi lamang tayo naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo ngunit pinapananatili rin ng **pananampalataya** (1 Pedro 1:5).

# Leksiyon 3- Pagsusulit
# Ang Kapangyarihan ng Paghubog ng Kasiguraduhan Mula sa Biblia

(1) Kumuha ulit ng pagsusulit sa kasiguraduhan/Katiyakan.

***Mga sagot sa nakaraang pahina.***

(2) Ano ang tatlong blokeng pundasyon ng katiyakan na tinalakay sa leksiyong ito?

**Ang pananampalataya sa natapos na gawain ni Kristo, na pinapatunayan ng tapat na pagsaksi ng Banal na Espiritu, at ang mabungang paglakad ng isang Kristiyano.**

(3) Ano ang anim na resulta ng nakapagliligtas na pananampalataya?

**Tayo ay…**

- **Nabigyang-katuwiran/Napawalang-sala**
- **Ginawang buhay (nabuhay na magmuli)**
- **Pinabanal**
- **Ipinagkasundong muli sa Dios**
- **Inampon bilang mga anak ng Dios**
- **Pinangakuan ng mana**

(4) Banggitin ang ilan sa mga bunga ng totoong kaligtasan.

**(Alinman sa mga sumusunod):**

- **Isang nabagong lihim na buhay**
- **Tunay na pagsisisi at pag-iwan sa kasalanan**
- **Pagmamahal para kay Hesus at sa iba pa**
- **Pagsunod sa Banal na Kasulatan**
- **Isang pagbabago sa buhay pangkaisipan**
- **Isang ekslusibong debosyon sa Dios bilang iyong Dios**
- **Isang bagong nilikha**
- **Isang malaking pagbabago sa pagtitiwala kay Hesus**
- **Nakikita ang mga tao sa isang bagong paraan**

# Leksiyon 4- Pagsusulit
# Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa Pamamagitan ng Pagkilala sa Dios

(1) Ano ang tatlong mga susi sa paghubog ng isang malusog na pananaw sa Dios na ipinakita sa Leksiyon 4?

- **Malaman ang paghahayag ng Dios patungkol sa kanyang sarili**
- **Pagtingin kay Hesus bilang buong kapahayagan ng Dios ng kanyang sarili**
- **Nararanasan ang Dios sa ating sarili**

(2) Maikling tukuyin ang mga katangian ng Dios na binanggit sa Exodo 34:4-11.

**Yahweh: Ang Dios ay pag-ibig, tagapagkaloob at tagapagtanggol.**

**Mahabagin: Siya ay tunay na nagmamalasakit sa atin at ang kanyang puso ay nahahabag sa atin.**

**Mapagmahal: Tinatrato niya tayo ng may pagmamahal kahit na hindi tayo karapat-dapat tumanggap nito.**

**Hindi agad nagagalit: Siya ay mapagpasensiya sa ating mga pagkabigo.**

**Pag-ibig: Nag-uumapaw siya ng hindi matitinag na pagmamahal at kabaitan.**

**Katotohanan: Anumang sinasabi niya ay maaasahan at mapagkakatiwalaan.**

(3) Magbigay ng mga sanggunian sa Banal na Kasulatan na nagpapakita na si Hesus ay ang buong kapahayagan ng Dios.

**Juan 1:1, 14, 16, 18; Juan 14:9; Colosas 1:15, 19**

# Leksiyon 5- Pagsusulit
# Paghubog ng Espirituwal na Buhay sa Pamamagitan ng Kamalayan sa "Sarili"
(Unang Bahagi)

(1) Banggitin ang limang mahahalagang katotohanan para makilala ang ating mga sarili na itinuro sa leksiyong ito.

- **Ang muling kapanganakan ay nagdudulot ng kamalayan sa pagmamataas.**
- **Ang pagmamataas— ang isang hindi sumusuko/nabasag na kalooban— ay ang pinakamalaking kalaban ng paghubog ng espirituwal na buhay.**
- **Ang pagiging makasarili ay nakikibaka laban sa Espiritu na humuhubog sa atin tungo sa pagiging katulad ni Kristo.**
- **Ang kamatayan sa ating sarili ay ang susunod na hakbang upang maranasan ang kapuspusan ng Dios at ang buhay na may kabanalan.**
- **Ang kamatayan sa sarili ay nangangailangan ng mapagpasyang pagsuko.**

(2) Magbigay ng apat na pagpapakita ng "sarili" na nabanggit sa leksiyong ito.

**(Alinmang apat):**

- **Tagumpay ng sarili/Self-fulfillment**
- **Pagbibigay-kasiyahan sa Sarili/Self-gratification**
- **Pagpapaunlad ng Sarili/Self-promotion**
- **Kasapatan sa Sarili/Self-sufficiency**
- **Pagkaawa sa Sarili/Self-pity**
- **Pag-iingat sa Sarili/Self-preservation**
- **Sariling Kalooban/Self-will**

(3) Ano ang anim sa labingdalawang katangian ng mga taong wasak na tinukoy sa leksiyong ito?

**(Alinmang Anim):**

**Ang mga taong nagsuko ng sariling kalooban/wasak ay…**

- **Mayroong espiritu na madaling turuan.**
- **Handang magbigay-daan/magparaya sa iba.**
- **May takot sa Dios kaysa sa tao.**
- **May nagpapasakop na espiritu.**
- **Tinatanggap ang opinyon ng Dios sa kultura at tradisyon.**
- **Hindi itinataas ang kanilang sarili at hindi natatakot sa pinakamababang kalagayan.**
- **Masayang tinatanggap ang karangalan nang walang pagmamataas.**
- **Inaamin ang kanilang mga pagkakamali at hindi nararamdaman ang pangangailangan na protektahan ang pagtingin ng iba sa kanya.**
- **Sinusunod ang Dios pati sa maliliit na bagay.**
- **Naghihintay sa Panginoon bago magpasya.**
- **Lumalakad sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa pamamagitan ng paningin.**
- **Hinahangad ang kabanalan sa halip na ang pansariling kaligayahan.**

(4) Ipaliwanag sa iyong sariling mga salita kung paano naging halimbawa si Hesus ng isang hindi mapag-aalinlanganang pagsuko.

***Isulat ang sariling salita ng mag-aaral dito*. Ito ay dapat maging isang bagay na katulad nito:**

**Noong siya ay naharap sa krus, si Jesus na nasa katawan ng isang tao ay tumatanggi na dumanas nito. Ito ay isang bagong punto ng pagsuko para sa kanya. Ngunit isinuko niya ang kanyang kalooban sa kalooban ng kanyang Ama sa langit at nakamit niya ang tagumpay. Dahil duon ay naging isa siyang halimbawa para sa atin.**

# Leksiyon 6- Pagsusulit
# Paghubog ng Espiritual na Buhay sa pamamagitan ng Kamalayan sa "Sarili"
(Ikalawang Bahagi)

(1) Ano ang tatlong mahalagang katotohanan na itinuro sa leksiyong ito?

- **Ang kamatayan sa sariling interes ay posible lamang sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.**
- **Ang buhay ng Panginoong Hesus na nasa atin ay ang bunga ng pagkamatay sa sarili.**
- **Ang isang tuloy-tuloy, mabungang buhay na katulad ni Kristo, kung saan patay ang sariling kagustuhan at si Kristo ang may kontrol, ay nangangailangan ng isang buong buhay na paglilinang at pag-aalaga.**

(2) Kaya bang patayin ng mga Kristiyano ang likas na pagkamakasalanan?

**Hindi, ang likas na pagiging makasalanan ay namatay na kasama ni Hesus sa krus. Tinatanggap natin ang katotohanang ito sa pamamagitan ng pananampalataya.**

(3) Kumpletuhin ang pangungusap na ito: "Ang **krus** lamang ang makapag-aalis ng pagiging makasarili."

(4) Kumpletuhin ang pangungusap: "Ang Self-emptying ay nagbibigay ng puwang para sa **lubos na pananahan** at kontrol ng **Banal na Espiritu.**"

(5) Ano ang bunga ng pagkamatay sa sarili?

**Ang buhay ni Hesus ay kumikilos sa atin at sa pamamagitan natin.**

(6) Banggitin ang tatlo sa mga katangian ng buhay ni Hesus na nasa ating kalooban.

**(Alinmang tatlo):**

**Tayo ay:**

- **Mapagbigay**
- **Ibinibigay ang sarili**
- **Isinasakripisyo ang sarili**
- **Puspos ng kapangyarihan**
- **Dalisay**
- **Mahinahon**
- **Masasang-ayunan**
- **Maawain**
- **Walang pinapanigan**
- **Walang pagkukunwari**
- **Nakauunawa sa mga Espirituwal na bagay**
- **Mapagpahinga**
- **Malaya sa pagkabalisa**
- **Matagumpay**
- **Mapagpakumbaba**

(7) Ano ang animna hakbang para sa paglinang o paghahanap ng kabanalan na itunuro ni Dr. Brown?

- **Isa-isantabi ang bawat kabigatan.**
- **Isa-isantabi ang mga kasalanang madaling makasilo.**
- **Tumingin kay Hesus.**
- **Magtiyaga sa paglaban sa kasalanan.**
- **Magpasakop sa pagpaparusa ng Panginooon nang may pasasalamat.**
- **Palakasin ang iba pang mga mananampalataya.**

# Leksiyon 7- Pagsusulit
# Ang Pagiging Katulad ni Kristo sa Pamamagitan ng Espiritual na Pagsasanay

(1) Ano ang kahuluhan ng kabanalan?

**Ang kabanalan ay ang magandang buhay ni Hesus na ibinigay sa atin ng Banal na Espiritu. Ang kabanalan ay ang pagkilala, pagkakaroon ng kasiyahan, pagsunod, at paglakad kasama ng Dios ayon sa itinuturo ng Biblia, taos sa puso at tunay. Ang kabanalan ay para sa lahat, saan man, mula sa bawat kultura, lahi, at uri ng pamumuhay, sapagkat ang kabanalan ay hindi isang bagay, kundi isang tao. Ang kabanalan ay ang buhay ng Panginoong Hesus.**

(2) Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa "Sanayin mo ang iyong sarili tungo sa kabanalan"?

**Daat nating sanayin ang ating sarili tungo sa kabanalan ng puso at pamumuhay, sa pamamagitan ng pagsusumikap at pagtitiyaga.**

(3) Ano ang pitong katangiang sinabi ni Pablo na dapat nating idagdag sa ating pananampalataya?

- **Kabutihan**
- **Kaalaman**
- **Pagpipigil sa sarili**
- **Pagtitiyaga**
- **Kabanalan**
- **Kabutihan bilang kapatid**
- **Pagmamahal**

(4) Ano ang tatlong bagay na kailangan sa pag-eehersisyo, o pagsasanay?

- **Pagsasanay**
- **Paghihirap o pagtutuwid**
- **Ang mga espirituwal na disiplina**

(5) Banggitin ang ilan sa mga disiplinang pang-espiritual na dapat nating pagsanayan upang tayo ay lumago sa katauhang Kristiyano.

**(Kahit alin sa mga ito)**

- **Pag-iisa**
- **Pagninilay**
- **Pag-aayuno**
- **Pagiging simple**
- **Pagsasakripisyo**
- **Pananalangin**
- **Pagsamba**
- **Pakikipag-ugnayan**
- **Pagtatapat**
- **Pagpapasakop**

# Leksiyon 8- Pagsusulit
# Ang mga Espiritual na Disiplina ng Debosyon
# Pag-iisa, Pagninilay, Pag-aayuno, Kapayakan

(1) Ano ang dalawang pakinabang ng mga espirituwal na disiplina na itinuro sa leksiyong ito?

- **Ang mga espirituwal na disiplina ay nakikipaglaban sa kamunduhan, sa pagnanasa ng laman, at sa diablo.**
- **Ang mga espirituwal na disiplina ay isang paraan ng pagtanggap ng biyaya na naghahanda sa atin para sa laban.**

(2) Paano nagdudulot sa akin ng lubos ng kasiyahan sa Dios ang espirituwal na disiplina?

**Tumutulong ang mga espirituwal na disiplina na palayain ang ating mga puso at isipan at binibigyan tayo ng higit na kasiyahan sa Dios at mga espirituwal na bagay.**

(3) Magbigay ng sanggunian sa Biblia na nagpapakita kung gaano kahalaga ang pag-iisa sa buhay ni Hesus.

**(Kahit alin sa ):**

- **Marcos 1:35**
- **Lucas 5:16**

(4) Ano ang kahulugan ng pagninilay-nilay?

**Ito ay ang paulit-ulit na isipin ang Salita ng Dios sa iyong sarili upang lubusan itong maunawaan.**

(5) Ano ang apat na makapangyarihang resulta ng pag-aayuno?

**(Alinmang apat):**

- **Sa pag-aayuno, ginagawang mapagpakumbaba ang kaluluwa.**
- **Sa pag-aayuno, isinasailalim ang ating mga likas na kagustuhan sa ating mga espirituwal na pagnanais.**
- **Ang pag-aayuno ay nagdudulot sa atin ng higit na pagnanais para sa mga espirituwal na bagay.**
- **Ang pag-aayuno ay nagdudulot sa atin ng mas higit na pang-unawa sa mga espirituwal na bagay.**
- **Ang pag-aayuno ay nagpapatibay sa ating pananampalataya.**

(6) Ayon kay Richard Foster, "Ang ating pagnanais bilang tao ay tulad ng **mga ilog** na madalas umaapaw sa kanilang **imbakan.**"

(7) Banggitin ang dalawang anyo ng pag-aayuno.

- **Karaniwang pag-aayuno- pag-iwas sa lahat ng pagkain, solid man ito o likido, maliban sa tubig**
- **Bahagyang pag-aayuno o paghihinay-hinay – paghihigpit sa pagdidiyeta, +**

# Leksiyon 9- Pagsusulit
# Ang Mga Espiritual na Disiplina ng Debosyon
# Pribadong Pananalangin

(1) Ano ang dalawang maling konsepto tungkol sa pananalangin?

- **Mayroong kapangyarihan sa *mismong pagkilos* nang pananalangin.**
- **Ang mas maraming pananalangin ay nagdudulot ng mas maraming resulta.**

(2) Ano ang unang prayoridad ng panalangin, ayon kay Hesus?

**Pakikipag-ugnayan sa Ama**

(3) Ayon sa sulat ni Lucas, ano ang epekto ng panalangin sa buhay at ministeryo ni Hesus?

- **Nakatanggap si Hesus ng pagpapatibay ng kalooban at biyaya mula sa kanyang Ama.**
- **Tinanggap ni Hesus ang Banal na Espiritu.**

(4) Paano natin malilinang ang pagkakaroon ng isang malapit na kaugnayan sa Dios sa pamamagitan ng pananalangin? Magbigay ng mga sanggunian sa Banal na Kasulatan.

- **Lumapit nang may paggalang (Lucas 11:2).**
- **Lumapit nang may kagalakan (Awit 100).**
- **Lumapit nang walang pag-aatubili (Hebreo 4:16).**
- **Lumapit nang may malinis na kamay at dalisay na puso (Awit 24:3-4).**
- **Tahimik na maghintay (Awit 62:5).**

(5) Ano ang simpleng gabay sa pribadong pananalangin na itinatag ni Hesus?

- **Magsimula sa magalang na pagsamba.**
- **Manalangin para sa tagumpay ng kaharian ng Dios sa mundo.**
- **Ilapit ang ating mga kahilingan.**

(6) Ano ang apat na paraan upang maiayon ang ating mga panalangin sa kaharian at kalooban ng Dios?

- **Lumago sa pagkakaunawa sa Banal na Kasulatan.**
- **Itulad ang ating mga panalangin sa mga panalangin sa Biblia.**
- **Hilingin ang patnubay ng Banal na Espiritu.**
- **Humingi ng kumpirmasyon mula sa katawan ni Kristo.**

# Leksiyon 10 – Pagsusulit
# Ang mga Espiritual na Disiplina sa Pagkilos
# Pagtatapat, Pagpapasakop, at Paglilingkod

(1) Anong talata sa Bagong Tipan ang nagtuturo sa atin na ipagtapat sa isa’t-isa ang ating mga kasalanan?

**Santiago 5:16**

(2) Banggitin ang limang paraan ng paglalarawan ng Biblia tungkol sa kasalanan.

**(Alinmang lima):**

- **Kasalanan bilang kapabayaan**
- **Kasalanan bilang isang pagpili**
- **Ang kasalanan bilang isang paglabag sa konsensya**
- **Kasalanan ng kamangmangan**
- **Isang solong kasalanan**
- **Ang pagsasagawa ng kasalanan**
- **Pagkabulag sa ating sariling pagkiling at pagkukunwari**
- **Pagbibigay pighati sa Banal na Espiritu**
- **Makamundong pag-uugali at pagnanasa**
- **Mga hindi inaasahang kasalanan o kasalanan na dulot ng pagkabigla**

(3) Ano ang tatlong salita ng nagpapayo ang inialok ni Dr. Avery patungkol sa kasalanan?

- **Huwag kailanman ituring na maliit na bagay ang kasalanan.**
- **Huwag palakihin ang iyong kasalanan.**
- **Huwag kailanman bigyang katwiran ang iyong kasalanan.**

(4) Paano nagiging isang pagsamba ang pagpapasakop sa awtoridad?

**Kapag ang ating pagpapasakop sa mga tao ay ginagawa alang-alang kay Hesus**

(5) Kailan nakakasira ang pagpapasakop?

- **Kapag ito ay mapang-abuso.**
- **Kapag ginamit ito upang takpan ang kasalanan ng ibang tao.**
- **Kapag lumalabag ito sa Salita ng Dios.**

(6) Magbigay na tatlong katangian ng totoong paglilingkod.

**(Alinmang tatlo):**

**Ang tunay na paglilingkod ay…**

- **Dumadaloy mula sa ating kaugnayan sa Dios.**
- **Hindi tinitingnan kung ito man ay malaki o maliit.**
- **Nasisiyahan kahit walang nakakakita.**
- **Nararamdaman na hindi kailangang kalkulahin ang mga resulta.**
- **Naglilingkod kahit kanino.**
- **Tinutugunan ang mga pangangailangan kahit mahirap ito.**
- **Ito ay isang uri ng pang-araw-araw na buhay/lifestyle.**
- **Kayang pigilan ang serbisyo kung hindi ito nais.**
- **Bumubuo ng pagkakaisa sa loob ng katawan ni Kristo.**

# Leksiyon 11 – Pagsusulit
# Personal na Disiplina
# Ang Dila at ang Kaisipan sa Buhay

(1) Ano ang kahulugan ng personal na disiplina na ibinigay sa leksiyong ito?

**Ang kakayahang kontrolin ang ating pag-uugali sa pamamagitan ng prinsipyo at mabuting paghusga sa halip na damdamin, hangarin, pamimilit, o kaugalian sa kultura.**

(2) Ano ang dalawang kadahilanan kung bakit mahalaga ang personal na disiplina para sa Kristiyano?

- **Dahil nais ng Dios na maluwalhati siya sa ating mga katawan.**
- **Dahil ang disiplina ay nakakaapekto sa ating impluwensya.**

(3) Ano ang dalawang personal na disiplina na tinukoy sa Leksiyon 11?

**Ang disiplina sa dila at disiplina ng pag-iisip sa buhay**

(4) Sino ang "perpektong tao" ayon kay Santiago?

**Ang taong may kakayahang kontrolin ang kanyang dila.**

(5) Magbigay ng tatlong praktikal na payo para sa pagkontrol sa dila, at magbigay ng mga sanggunian sa Biblia.

**(Alinmang tatlo):**

- **Pag-aralan/Alamin ang halaga ng mga salita at limitahan ito (Kawikaan 14:23).**
- **Pag-aralan at alamin ang mapanirang potensyal ng mga salita at pamunuan mo ang iyong diwa (Santiago 3:5).**
- **Pag-aralan at alamin na ang reputasyon ay binubuo ng mga salita at gamitin ito nang may katalinuhan (Kawikaan 16:32).**
- **Matutunan ang kapangyarihan ng mga salita upang pumatay at magbigay buhay (Kawikaan 12:18; 15:1, 4; 18:21).**
- **Matutunan na ang dila ay hindi kayang pigilan sa pamamagitan ng kakayahan ng tao lamang, kundi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu (Santiago 3:7-8).**

(6) Banggitin ang apat na praktikal na mungkahi para sa isang dalisay na buhay pangkaisipan.

**(Alinmang apat):**

- **Bantayan ang iyong sarili.**
- **Matutunan ang pagpipigil sa sarili.**
- **Tumakbo palayo mula sa mga pagnanasa.**
- **Hanapin ang tunay na kasiyahan.**
- **Pag-isipang mabuti ang bawat kaisipan.**

# Leksiyon 12- Pagsusulit
# Personal na Disciplina
# Gana, Oras, Pag-uugali, at Personal na Paninindigan

(1) Ano ang anim na personal na disiplina na pinag-aaralan natin sa Leksiyon 11 at 12?

**Ang disiplina ng…**

- **Ating dila**
- **Ating buhay sa pag-iisip**
- **Ating mga nais**
- **Ating pag-uugali**
- **Ating oras/panahon**
- **Ating mga personal na paniniwala**

(2) Ano ang dalawang negatibong resulta ng labis na kalayawan?

- **Ang ating kasiyahan sa kung ano ang pinakamahusay ay mababawasan.**
- **Ang ating espiritual na paningin ay nahahadlangan.**

(3) Ano ang sinasabi ng Kawikaan 16:32 tungkol sa taong hindi magagalitin?

**Sila ay mas mabuti kaysa sa makapangyarihan.**

(4) Ano ang lihim sa kanyang tagumpay, ayon sa misyonerong si William Carey?

**"Maaari akong magsumikap. Maaari akong magtiyaga sa anumang tiyak na layunin."**

(5) Ibahagi sa iyong sariling mga salita ang mabuting payo ni George Mueller tungkol sa mga personal na paniniwala.

***Ilagay dito ang sariling salita ng mag-aaral*.**

# Leksiyon 13- Pagsusulit
# Hinubog Sa Paghihirap/Pagdurusa

(1) Patunayan mula sa Banal na Kasulatan na ang pagdurusa ay bahagi ng kalooban ng Dios para sa mga Kristiyano.

- **Isinasaad ng 1 Pedro 2:21 na ako ay tinawag upang magdusa/magtiis kasama ni Kristo.**
- **Sinasabi ng Roma 8:28-29 na ang paghihirap ang humuhubog sa akin sa wangis ni Hesus.**

(2) Ano ang dalawang pagtingin kung paanong dapat makita ng mga Kristiyano ang mundo?

**Makita natin ang mundo kung ano ito ngayon, at kung ano ang mangyayari sa naibalik na kaharian ni Hesus.**

(3) Anong talata ang nagtuturo na si Hesus ang ating halimbawa sa pagdurusa?

**1 Pedro 2:21**

(4) Anong talata ang nagtuturo na ang lahat ng nilikha ay dumadaing sa hirap?

**Roma 8:31-39**

(5) Ayon sa Roma 8:28-29, kumikilos ang Dios sa lahat ng bagay para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya. Ano ang kanyang tunay na layunin? "Upang tayo ay **mahubog** sa **imahen** ng kanyang **Anak.**"

(6) Ano ang tatlo sa pitong pakinabang ng pagdurusa na nabanggit sa leksiyong ito?

**(Alinmang tatlo):**

- **Ang pagdurusa ay magpapalayo sa atin mula sa isang mapanganib na direksyon.**
- **Ang pagdurusa ay nagpapaalala sa atin kung saan nakasalalay ang ating tunay na lakas.**
- **Ang pagdurusa ay nagpapanumbalik ng ating nawalang kagandahan na ayon kay Kristo.**
- **Ang pagdurusa ay nagpapataas ng ating pagkauhaw kay Kristo.**
- **Ang pagdurusa ay nagdudulot sa atin ng higit na pakikipag-ugnayan kay Kristo.**
- **Ang pagdurusa ay nagdaragdag ng ating pagiging mabunga para kay Kristo.**
- **Ang pagdurusa ay nagbibigay ng pagkakataon sa Dios na ihayag ang kaluwalhatian ni Kristo sa atin at sa pamamagitan ng ating buhay.**

(7) Sa iyong sariling mga salita, ipaliwanag ang hindi bababa sa dalawa sa mga pagkakamali ng teolohiya na may kalakip na kaunlaran/prosperity theology.

***Ilagay dito ng mag-aaral ang sariling pangungusap.***

# Leksiyon 14- Pagsusulit
# Hinubog ng Komunidad na Kristiyano

(1) Sino ang Iglesia?

**Ang lahat ng mananampalataya ay ang Iglesia.**

(2) Ayon sa Efeso 4:11-13, para sa anong layunin kaya ibinigay sa Iglesia ang mga espirituwal na kaloob?

**Upang sama-sama tayong patibayin at maging perpekto katulad ni Hesus.**

(3) Ilang beses ginamit ang pariralang "sa isa't-isa" sa Bagong Tipan?

**Hindi bababa sa 55 na beses.**

(4) Tapusin ang pangungusap na ito: "si Hesus ay dumating upang bumuo ng isang **pamayanan**, hindi lamang upang iligtas **ako mula sa aking mga kasalanan**.

(5) Magbigay ng tatlong salitang ginamit upang ilarawan ang Iglesia.

**(Alinmang tatlo)**

**Ang Iglesia ay:**

- **Babaeng ikakasal**
- **Pamilya**
- **Katawan**
- **Templo**

(6) Ano ang tatlong katangian ng mga pamayanang nakakapagpabago na itinuro sa leksiyong ito?

**Ang mga pamayanang nakakapagpabago ay:**

- **Handang tumanggap.**
- **Nakapagpapatatag/Nagbibigay ng mabuting halimbawa.**
- **Nagbibigay ng pananagutan.**

(7) Ano ang apat na katanungan na madalas itinatanong sa mga pagpupulong sa klase ng Metodista sa ilalim ni John Wesley?

- **Anong mga kasalanan ang nagawa ninyo mula noong huli tayong nagpulong?**
- **Ano’ng mga tukso ang iyong naranasan?**
- **Paano ka naligtas?**
- **Ano ang inisip mo, sinabi, o ginawa, na hindi ka sigurado kung ito ay isang kasalanan o hindi?**